# Karunungan at Kamangmangan

## NOTES

## WARM-UP

- Sino ang pinakamatalinong tao na kilala mo? Ibahagi ang isang pagkakataon na nagpapakita ng kanyang katalinuhan.
- Paano mo malalaman na pinagkakatiwalaan mo ang isang tao? Ano ang ginagawa mo upang patunayan na pinagkakatiwalaan mo siya?
- Balikan ang isang pagkakataon kung saan ginawa mo ang isang bagay dahil sa ginagawa rin ito ng mga nasa paligid mo? Ano ang nangyari sa sitwasyong ito?

**WORD**

*[9]"Kaya bigyan n'yo po ako ng karunungan para pamahalaan ang inyong mga mamamayan at kaalamang malaman kung ano ang mabuti at masama. Dahil sino po ba ang may kakayahang mamahala sa inyong mamamayan na napakarami?" [10]Natuwa ang Panginoon sa hiningi ni Solomon.* **1 HARI 3:9,10**

---

Si Haring Solomon ang pinakamatalinong tao na nabuhay sa mundo. Nang tanungin siya ng Diyos kung ano ang kanyang gusto, pinili niya ang pagkakaroon ng karunungan at malawak na kaalaman. Subalit, sa kanyang kagustuhan na magkaroon ng mga alyansa sa pulitika at palakasin ang kanyang kaharian, nagkaroon siya ng daan-daang asawa at kalaguyo. Ito ang nagdulot ng kanyang pagbagsak. Ang mga babae sa kanyang buhay ay nagdala sa kanya sa pagsamba sa mga diyos-diyosan at lumayo ang kanyang puso sa Diyos (1 Hari 11:3,4). Sa araling ito, ating titignan ang mga aral sa karunungan mula sa aklat ng Mga Kawikaan, na karamihan ay isinulat ni Solomon.

## 1 Ang karunungan ay nanggagaling sa Panginoon, hindi sa mundo.

*Sapagkat ang Panginoon ang nagbibigay ng karunungan, kaalaman, at ng pang-unawa.* **MGA KAWIKAAN 2:6**

Bagama't iniisip natin na ang karunungan ay galing sa magandang edukasyon, karanasan, o matatalinong tao, sinasabi sa Bibliya na ang karunungan ay nagmumula sa Diyos. Ang karunungan ay higit pa sa kaalaman. Ito ay nangangahulugan na alam natin ang ating gagawin sa iba't-ibang sitwasyon, kung kailan natin ito gagawin, at kung paano sila gagawin, sa paraan na makapagbibigay karangalan sa Diyos. Ayon sa Santiago 1:5, kung nangangailangan tayo ng karunungan, ano ang dapat nating gawin?

## 2 Magtiwala sa Diyos, hindi sa iyong sarili.

*[5]Magtiwala ka ng buong puso sa Panginoon at huwag kang manalig sa iyong sariling karunungan. [6]Alalahanin mo ang Panginoon sa lahat ng iyong ginagawa at ituturo niya sa iyo ang tamang landas.*
**MGA KAWIKAAN 3:5,6**

Maaaring ang ilan sa atin ay dumaan sa mahirap na mga sitwasyon, na naging dahilan upang hindi tayo magtiwala sa tao at maging sa ating mga sarili. Sinabi sa atin ng Bibliya na maniwala sa Isa–ang Diyos na naka-aalam ng lahat, ganap na makapangyarihan, lagi nating kapiling, at laging kumikilos sa kabutihan. Kung tayo ay nagtitiwala sa Diyos, tayo ay umaasa sa Kanya at ibinibigay natin ang ating pananampalataya sa Kanya lamang. Bakit natin kailangang magtiwala sa Diyos ng buong-puso?

## 3 Katakutan ang Diyos, hindi ang tao.

*Ang paggalang sa Panginoon ang simula ng karunungan. At ang pagkilala sa Banal na Diyos ay nagpapahiwatig ng pagkaunawa.*
**MGA KAWIKAAN 9:10**

Ang takot (paggalang) sa Panginoon ay lubhang mahalaga sa pagkakaroon ng karunungan. Kung tayo ay marunong, katatakutan (igagalang) natin ang Diyos–hindi ang tao, hindi ang hinaharap, hindi ang mga bagay na hindi natin alam. Magagawa lamang nating mabuhay nang may karunungan kung alam natin at kinikilala natin na ang lahat ng mayroon tayo ay galing sa Diyos, na Siya ang ating Tagapagligtas at Manunubos, at Siya lamang ang karapat-dapat nating sambahin. Balikan ang isang pagkakataon na kinatakutan mo ang (ipinakita mo ang paggalang sa) Diyos nang higit pa sa tao. Ano ang isang bagay na natukso kang gawin, at ano ang iyong ginawa sa halip na magpatukso?

## APPLICATION

- Kinatatakutan (Iginagalang) mo ba ang Diyos ng higit pa sa anumang bagay (sinumang tao)? Ano ang gagawin mo sa ibang kaparaanan ngayong linggo upang ipakita ang iyong takot (paggalang) sa Diyos?
- Sa anong bahagi ng iyong buhay mo kailangan ng karunungan? Ano ang gagawin mo upang magkaroon nito?
- Sa anong bahagi ng iyong buhay ka nagtitiwala sa iyong sariling pang-unawa? Handa ka bang magtiwala sa Diyos lamang? Paano mo maipapakita ang iyong patitiwala at pag-asa sa Kanya araw-araw?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang karunungan at pagpapala sa iyong buhay. Ipanalangin na lagi kang magkakaroon ng takot sa Kanya at magtitiwala sa Kanya ano man ang mangyari.
- Hingin sa Diyos ang karanungan para sa iyong sitwasyon. Ipanalangin na malaman mo kung ano ang dapat mong gawin, ano ang dapat mong sabihin, kailan mo ito gagawin, at kung paano–sa paraan na makapagbibigay karangalan sa Diyos.
- Ipanalangin na ikaw ay hindi lamang magkakaroon ng karunungan at katalinuhan sa panahon na ito ng iyong buhay, kundi magagawa mong sumunod sa Diyos at pagkatiwalaan siya sa lahat ng araw ng iyong buhay. Ipanalangin na ikaw ay maging isang makadiyos na halimbawa para sa maraming tao.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph